

# Kanser sa Apdo

Iyong patnubay sa pinakamabisang pangangalaga ng kanser.



## Tungkol sa patnubay na ito

Ang pagpapabatid sa iyo na mayroon kang biliary cancer (kanser sa apdo o sa mga tubo ng apdo) o pwedeng may biliary cancer ay maaaring nakakabigla. Maraming bagay ang pwedeng mabilis na mangyari, at maaaring mayroon kang maraming tanong. Ang mapagkukunang ito ay pwedeng makatulong na magabayan ka at ng iyong pamilya at mga kaibigan sa karanasang ito.

## Impormasyon at suporta

**Cancer Council:** Para sa impormasyon at suporta, tawagan ang Cancer Council sa **13 11 20** upang makipag-usap sa isang propesyonal sa kalusugan o bisitahin ang [www.cancer.org.au](http://www.cancer.org.au).

**Pancare Foundation:** Para sa impormasyon o upang makipag-usap sa isang nars ng kanser, tumawag sa **1300 881 698** o bisitahin ang website [www.pancare.org.au](http://www.pancare.org.au).

**Liver Foundation:** Para sa impormasyon o makipag-usap sa isang nars na espesyalista sa atay, tumawag sa **1800 841 118** o bisitahin ang website [www.liver.org.au](http://www.liver.org.au).

**Serbisyo ng Pagsasalinwikang Pasulat at Pasalita (Translating and Interpreting Service, TIS):** Kung nangangailangan ka ng interpreter, tumawag sa TIS sa **13 14 50** o bisitahin ang website [www.tisnational.gov.au](http://www.tisnational.gov.au).

## Mga inisyal na pagsusuri at konsultasyon

### Mga sintomas

Dapat na magsagawa ng isang check-up ang iyong doktor ng pamilya (GP) upang makita kung ano ang dahilan ng iyong masamang pakiramdam. Tatanungin nila ang tungkol sa anumang mga sintomas na maaaring mayroon ka, tulad ng: dilaw na balat, pangangati, pagduduwal, pagsusuka, panghihina, pagkawala ng gana, pagbaba ng timbang, lagnat, giniginaw, pananakit ng kanang bahagi ng iyong tiyan, nagdidilim na ihi o maputlang dumi.

### Mga inisyal na pagsusuri na maaaring gawin sa iyo

**Pisikal na pagsusuri.** Sisiyasatin ng iyong GP ang iyong tiyan (lugar ng sikmura) at magtatanong tungkol sa iyong mga sintomas.

**Mga pagsusuri ng dugo.** Kukunin ang isang maliit na sukat ng iyong dugo. Kabilang sa mga pagsisiyasat ang isang full blood count, liver function at tumour markers.

**Computed tomography (CT) scan.** Ginagamit ang mga makinang computerised x-ray upang kumuha ng isang detalyadong larawan ng iyong mga panloob na organo, kabilang ang apdo at mga tubo ng apdo.

**Ultrasound.** Gagamitin ang mga soundwave upang kumuha ng isang larawan ng iyong mga organong panloob, kabilang ang apdo at mga tubo ng apdo.

### Mga pagkonsulta

Kung ang iyong GP ay may mga pag-aalala, ikokonsulta ka sa isang gastroenterologist, hepatologist, medical oncologist o hepatopancreatobiliary (HPB) surgeon para sa karagdagang mga pagsusuri. Ang mga gastroenterologist, hepatologist, medical oncologist at HPB surgeon ay mga doktor na lubusang sinanay sa kanser sa apdo (biliary cancer).



### Mga takdang panahon

Dapat na mangyari ang iyong espesyalistang appointment sa loob ng dalawang linggo ng inisyal na pagkonsulta sa GP.

Kung hindi ka makakakuha ng isang appointment sa loob ng panahong ito, makipag-usap sa iyong GP.



### Mga maaaring gusto mong itanong

- Maaari ko bang piliin kung mapupunta ako sa pampubliko o pribadong ospital?
- Maaari ko bang piliin ang espesyalistang titingin sa akin?
- Magkano ang bayad ng mga appointment?

## Diagnosis at staging

Magsasagawa ang espesyalista ng karagdagang mga pagsusuri upang makita kung mayroon kang biliary cancer. Ang prosesong ito sa pagtukoy kung ikaw ay mayroon problemang medikal ay tinatawag na isang **diagnosis**.

Maaaring magkaroon ka ng isang pagsusuri o iba't-ibang pagsusuri:

**CT scan.** Kung hindi ka pa nagkaroon nito.

**Magnetic resonance imaging (MRI) scan.** Isang scan kung saan ang isang mabisang magnet at radiofrequency waves ay ginagamit upang makagawa ng isang detalyadong larawan ng katawan.

**Magnetic resonance cholangiopancreatography (MRCP).** Isang uri ng MRI scan na espesyalista sa pagtingin sa apdo at mga tubo ng apdo.

**Endoscopic ultrasound (EUS).** Ang isang nababaluktot na tubo (na tinatawag na isang endoscope) na may isang kamera ay ipinapasok sa iyong lalamunan upang makarating sa iyong tiyan. Gumagamit ito ng soundwaves upang kumuha ng larawan ng apdo at mga tubo ng apdo. Isinasagawa ito sa ilalim ng isang light general anaesthetic (matutulog ka).

**Positron emission tomography (PET) scan.** Ilinksyonan ka ng isang maliit na sukat ng radioactive glucose at i-scan ang iyong buong katawan upang makita kung nasaan ang kanser.

**Laparoscopy.** May mga gagawing maliliit na hiwa sa iyong tiyan. Ang espesyalista ay maglalagay ng isang maliit na tubo na may kamera sa dulo, na papasok sa hiwa, papunta sa loob ng iyong lukab ng tiyan upang matingnan ang iyong apdo, mga tubo ng apdo at iba pang mga organo. Ito ay isang laparoscope. Isinasagawa ito sa ilalim ng general anaesthetic (matutulog ka).

**Biopsy.** Kinukuha ang isang maliit na piraso ng iyong apdo o mga tubo ng apdo upang matingnan ito sa ilalim ng microscope. Ang biopsy ay maaaring isasagawa sa panahon ng EUS o laparoscopy.

**Staging.** Ang kombinasyon ng mga pagsusuri ay makakatulong sa pagtukoy kung anong yugto (stage) ang naabot na ng kanser. Nakakatulong ang staging na matukoy kung ano ang pinakamainam na pagpapagamot para sa iyo.



#### Mga takdang panahon

Dapat na mayroon nang mga resulta sa loob ng dalawang linggo mula nang nagkaroon ka ng mga pagsusuri.



#### Mga maaaring gusto mong itanong

- Ang ang biliary cancer?
- Anong mga pagsusuri ang dadaanin ko?
- Magkano ang gagastusin sa mga pagsusuri/appointment? (maaaring kailangan mong bayaran ang ilang mga pagsusuri, kahit sa mga pampublikong ospital)
- Saan ako dapat magamot? Mayroon ba akong mapagpipilian?
- Anong yugto (stage) ang aking kanser?
- Anong mga serbisyong pansuporta ang maaari kong mahingi?

### Pagpapagamot

May ilang paraan upang gamutin ang biliary cancer. Kakausapin ka ng iyong espesyalista tungkol sa iyong mga opsyon/ mapagpipilian sa pagpapagamot.

Ikaw ay gagamutin ng pangkat ng mga eksperto, at maaari kang mangangailangan ng higit sa iisang uri ng pagpapagamot upang makakuha ng pinakamabuting resulta. Makikipagtulungan sa iyo at sa iyong pamilya o tagapag-alaga ang pangkat upang planuhin ang iyong pagpapagamot. Ang iyong pagpapagamot ay maaaring ipapabatid ng genetic testing, na maaaring makatulong na gabay kung anong uri ang iyong pagpapagamot. .

Maaaring magkaroon ka ng iisang pagpapagamot o iba't-ibang mga pagpapagamot:

**Operasyon** ay kung saan ang kanser ay puputulin.

**Radiation therapy** ay gumagamit ng mga x-ray upang patayin ang mga selyula ng kanser at ihinto ang paglaki ng kanser. Ang radiation therapy ay maaaring magamit kasama ng chemotherapy o mag-isa lamang.

**Chemotherapy** ay gumagamit ng mga gamot upang patayin ang mga selyula ng kanser at ihinto ang paglaki ng kanser.

**Targeted therapy** ay gumagamit ng mga gamot upang labanan ang mga partikular na katangian ng mga selyula ng kanser at ihinto ang paglaki ng kanser.

**Immunotherapy** ay isang uri ng pagpapagamot sa kanser na tumutulong sa sistema ng panangga sa sakit ng katawan upang labanan ang kanser.

**Biliary drainage** ay maaaring kailangan upang makatulong sa pamamahala sa paninilaw ng balat (jaundice) na dulot ng baradong mga tubo ng apdo. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng pagpasok ng isang hirlinggilya sa balat o paggamit ng isang endoscope upang ipasok ang isang stent (tubo).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpapagamot, bisitahin ang website ng Cancer Council sa [www.cancer.org.au/cancer-information/treatment](http://www.cancer.org.au/cancer-information/treatment).

Mayroon ding supportive care (mga pagpapagamot o mga serbisyo) na magsuporta sa iyo na tahakin ang karanasan sa kanser.

Maaaring alukin kang makisali sa isang clinical trial.

#### Mga clinical trial

Ginagamit ang mga clinical trial upang subukin kung ang mga bagong pagpapagamot ay ligtas at mas mahusay kaysa sa mga kasalukuyang pagpapagamot. Maraming mga tao na may kanser ay mas matagal nang nabubuhay ngayon, na may mas mabuting kalidad ng buhay, dahil sa mga clinical trial.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Australian Cancer Trials sa [www.australianclinicaltrials.gov.au/about/find](http://www.australianclinicaltrials.gov.au/about/find).

#### Mga complementary therapy

Makipag-usap sa iyong healthcare team tungkol sa anumang mga complementary therapy (pati na ang mga dietary supplement tulad ng mga bitamina) na ginagamit mo o gustong gamitin. May mga karaniwang bagay tulad ng mga bitamina na maaaring hindi gagana nang maayos sa iyong pagpapagamot.



#### Mga takdang panahon

Ang pagpapagamot ay dapat na mag-umpisa sa loob ng apat na linggo mula sa pagdesisyon ng pagpapagamot.



**Maaari kang humingi mula sa iyong GP ng referral para sa ibang espesyalista para sa pangalawang opinyon.**



### Mga maaaring gusto mong itanong

- Anong pagpapagamot ang inirerekomenda mo?
- Saan ako pupunta upang magpapagamot?
- Magkano ang gagastusin sa pagpapagamot at magkano sa gastos ang sarili kong babayaran?
- Anong mga aktibidad/ehersisyo ang makakatulong sa akin habang nagpapagamot at pagkatapos?
- Makakapagtrabaho pa ba ako?
- Paano maapektuhan ng pagpapagamot ang aking pang-araw-araw na buhay?
- Sino ang mga tao sa aking pangkat ng pagpapagamot at sino ang aking pangunahing taong makontak?
- Ano ang mga posibleng side effect ng aking pagpapagamot?
- Kanino ako makikipag-ugnayan kung masama ang aking pakiramdam o may mga tanong?
- Makakaapekto ba ang pagpapagamot sa aking kakayahang magkaanak?



### Mga desisyon tungkol sa gastos

Maaaring kailangan mong bayaran ang ilang mga appointment, pagsusuri, gamot, tuluyan, paglalakbay o parking.

Makipag-usap sa iyong GP, espesyalista o private health insurer (kung mayroon ka nito) upang maintindihan kung ano ang mga saklaw at kung ano ang mga sarili mong babayaran. Kung mayroon kang mga pag-aalala tungkol sa mga gagastusin, makipag-usap sa iyong healthcare team o sa isang social worker tungkol sa:

- pagiging bulk-billed o gagamutin sa isang pampublikong sistema
- tulong sa matitirahan habang ginagamot
- ang posibleng pampinansyal na epekto ng iyong pagpapagamot.

Maaari kang tumawag sa Cancer Council sa **13 11 20** upang makipag-usap sa isang propesyonal sa kalusugan tungkol sa suportang pampinansyal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga gagastusin, bisitahin ang webpage ng tulong sa pananalapi ng Cancer Council sa [www.cancer.org.au/support-and-services/practical-and-financial-assistance](http://www.cancer.org.au/support-and-services/practical-and-financial-assistance) at pagbabayad sa pagpapagamot sa [www.cancer.org.au/support-and-services/practical-and-financial-assistance/what-will-i-have-to-pay-for-treatment](http://www.cancer.org.au/support-and-services/practical-and-financial-assistance/what-will-i-have-to-pay-for-treatment).

## Pagpapagaling

Ang pagpapagamot sa kanser ay maaaring magdulot ng mga pagbabago sa katawan at sa emosyon.

### Plano sa mga kasunod na pangangalaga (follow-up care)

Makikipagtulungan ang iyong healthcare team sa iyo upang makagawa ng isang plano para sa iyo at sa iyong GP.

Ipapaliwanag ng planong ito:

- kung sino ang iyong pangunahing kontak pagkatapos ng pagpapagamot
- ano ang mangyayari sa pag-follow-up, gaano kadalas kang matitingnan at kung anong mga pagsusuri ang inirerekomenda (at ang mga layunin ng mga ito)
- maintindihan at pangasiwaan ang anumang mga side effect ng pagpapagamot
- paano makakuha ng agarang tulong kung sa palagay mo ay nagbalik ang kanser o lumala.

Maraming tao ang nag-aalala na babalik ang kanser. Makikipag-usap sa iyo ang iyong healthcare team tungkol sa iyong mga pangangailangan at maaaring ikonsulta ka sa iba pang mga propesyonal sa kalusugan at mga serbisyo ng suporta sa komunidad.

Iba pang mga impormasyon na maaari mong makuha:

- mga palatandaan at sintomas na subaybayan kung babalik ang kanser
- mga huling epekto ng pagpapagamot at mga espesyalistang maaaring titingin sa iyo
- paano makapagsagawa ng mga pagpipiliang malusog na pamumuhay upang mabigyan ka ng pinakamabisang pagkakataon ng pagpapagaling at manatiling malusog.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Cancer Council sa [www.cancer.org.au/cancer-information/after-a-diagnosis/after-cancer-treatment](http://www.cancer.org.au/cancer-information/after-a-diagnosis/after-cancer-treatment) at ang website ng Australian Cancer Survivorship Centre sa [www.peternac.org/cancersurvivorship](http://www.peternac.org/cancersurvivorship).



### Mga maaaring gusto mong itanong

- Sino ang dapat kong makontak kung masama ang aking pakiramdam?
- Ano ang maaari kong gawin upang maging malusog hangga't maaari?
- Saan ako makakuha ng karagdagang tulong?

## Namumuhay na may advanced cancer

### Kung babalik ang kanser

Kung minsan, maaaring babalik ang kanser pagkatapos ng pagpapagamot. Maaari itong babalik sa parehong lugar o sa ibang lugar ng iyong katawan.

Kung babalik ang kanser, maaari kang maipakonsulta sa espesyalista o sa ospital kung saan ka dating ginamot, o sa ibang espesyalista.

Ang pagpapagamot ay magdedepende kung gaano kalaki ang pagkalat ng kanser, gaano kabilis ang maaaring paglago nito, at mga sintomas na nararamdaman mo.



#### Mga maaaring gusto mong itanong

- Nasaan ba ang kanser at ito ba ay kumalat?
- Ano ang aking mga pagpipilian sa pagpapagamot?
- Ano ang mga posibilidad na gagana ngayon ang pagpapagamot?
- Mayroon bang clinical trial na magagamit?
- Saan pa ako makakakuha ng suporta?

### Paunang pagpapalano ng pangangalaga

Ang iyong GP ay maaaring makipag-usap sa iyo, iyong pamilya at tagapag-alaga tungkol sa iyong mga kagustuhan para sa iyong hinaharap na pagpapagamot na medikal at pangangalaga sa kalusugan. Ito ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataon na pag-isipan, at pag-usapan ang iyong mga kagustuhan, kung sakaling may panahon na hindi ka makakagawa o maaaring ipaalam ang iyong mga sariling desisyon. Ang paunang pagpapalano ng pangangalaga (advance care planning) ay boluntaryo, at nasa iyo kung gusto mong gawin ito o hindi.

### Direktiba sa Paunang Pangangalaga

Ang isang direktiba sa paunang pangangalaga (advance care directive) ay isang may bisa sa batas na dokumento na iahahanda mo upang ipaalam sa iyong pamilya at healthcare team kung anong pagpapagamot at pangangalaga ang gusto mo o hindi mo gusto kung sakaling hindi ka na makapagpasya para sa iyong sarili. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Advance Care Planning Australia sa [www.advancecareplanning.org.au](http://www.advancecareplanning.org.au).

### Pangangalagang palyatibo

Maaaring ikonsulta ka ng iyong espesyalista sa mga serbisyong palliative care, ngunit hindi ito palaging nangangahulugan ng pangangalaga sa katapusan ng buhay (end-of-life care). Sa ngayon, ang mga tao ay maaaring mas maagang maikonsulta sa mga serbisyong ito kung sila ay namumuhay na may kanser o kung magbabalik ang kanilang kanser. Maaaring nakakatulong ang palliative care na mamuhay hangga't kaya mo pati na ang pamamahala ng kirot at mga sintomas. Ang pangangalagang ito ay maaaring sa bahay, sa isang ospital, o sa ibang lokasyon na gusto mo.



**Makipag-usap sa iyong GP o espesyalista o bisitahin ang website ng Palliative Care Australia**  
[www.palliativecare.org.au](http://www.palliativecare.org.au).

### Pagpapasya sa mga pagpapagamot

Maaaring magpasya ka na hindi magpapagamot, o magpapagamot lamang upang bawasan ang kirot at kawalan ng ginhawa. Baka gusto mong pag-usapan ang iyong desisyon sa iyong healthcare team, GP, pamilya at tagapag-alaga.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang website ng Cancer Council sa [www.cancer.org.au/cancer-information/treatment/advanced-cancer-treatment](http://www.cancer.org.au/cancer-information/treatment/advanced-cancer-treatment).



#### Mga maaaring gusto mong itanong

- Ano ang maaari mong gawin upang mabawasan ang aking mga sintomas?
- Anong karagdagang suporta ang makukuha ko kung ang aking pamilya at mga kaibigan ay mag-aalaga sa akin sa bahay?
- Matutulungan mo ba ako na makipag-usap sa aking pamilya tungkol sa kung ano ang nangyayari?
- Anong suporta ang naroroon para sa aking pamilya o tagapag-alaga?
- Maaari ba akong ikonsulta sa isang serbisyo ng suporta sa komunidad?

Pagtatatwa: Palaging kumonsulta sa iyong doktor tungkol sa mga bagay na nakakaapekto sa iyong kalusugan. Ang patnubay na ito ay sadyang ginawa bilang isang karaniwang panimula at hindi isang kapalit ng propesyonal na medikal, legal o pananalapi na payo. Ang impormasyon tungkol sa kanser ay palaging ina-update at binabago ng mga medikal at pananaliksik na komunidad. Habang lahat ng pag-iingat ay isinagawa upang masiguro ang katumpakan sa panahon ng paglalathala, ang Pancare Foundation at ang mga miyembro nito ay tinatanggi ang lahat ng pananagutan para sa anumang kapinsalahan, pagkawala o kasiraan na natamo sa pamamagitan ng paggamit o pagtitiwala sa impormasyon na ibinigay sa itaas.

Inilathala sa March 2026

Ang mapagkukunang ito ay batay sa impormasyon mula sa optimal care pathway para sa mga taong may biliary cancer. (Unang edisyon), na makukuha sa [www.cancer.org.au/OCP](http://www.cancer.org.au/OCP).